



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Abril 26, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tom Flannigan 415.749.4900

Nagsisimula ang panahon ng Iligtas ang Hangin sa ulap-usok habang papalapit ang mas mainit na panahon

Hinihimok ang mga nagbibiyaha na bawasan ang pagmamaneho, humanap ng mga alternatibo sa pagmamaneho nang mag-isa

SAN FRANCISCO – Inaanunsiyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang paglulunsad ng 2018 Iligtas ang Hangin (Spare the Air) sa ulap-usok sa panahon ng tag-init sa Lunes, Abril 30.

Nananatiling pinakamalaking pinagkukunan ng pagpaparumi ng ulap-usok ang milyun-milyong sasakyan sa ating mga kalsada bawat araw at emisyon ng gas ng greenhouse sa Bay Area. Hinihimok ng kampanyang Iligtas ang Hangin ang mga residente ng Bay Area na bawasan ang pagmamaneho at humanap ng mga paraan upang magbahagi, o paikliin o baguhin ang kanilang mga pagbiyahe upang makatulong na bawasan ang ulap-usok, trapiko at pagkakabuhul-buhol ng trapiko sa rehiyon.

“Naaapektuhan ang kalidad ng ating hangin ng ating nagbabagong klima,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District (Distrito ng Hangin). “Hinihingi namin sa lahat ng tao sa Bay Area, mga nagbibiyaha, employer, lokal na gobyerno at indibidwal na tukuyin ang mga pagkilos na makakabawas sa kanilang epekto sa pagpaparumi sa hangin at gumawa ng mga hakbang upang bawasan ang pagpaparuming iyon. Himukin at itaguyod ang pagbabahagi ng biyahe, magkabit ng cool roof, bawasan ang paggamit ng enerhiya, mag-recycle, mag-compost at bawasan ang basura – kailangan tayong lahat upang gumawa ng pang-araw-araw na mga pagbabago upang makatulong na bawasan ang mga pagdami ng kemikal na bumubuo ng ulap-usok sa ating mga komunidad.”

Kasabay ng paglulunsad ng pahahon ng Iligtas ang Hangin sa ulap-usok sa pagsisimula ng 2018 Linggo ng Kamalayan sa Kalidad ng Hangin, isang pambansang kampanya upang itaas ang kamalayan sa kalidad ng hangin at pukawin ang mga tao na gumawa ng mga hakbang upang bawasan ang kanilang kontribusyon sa pagpaparumi sa hangin.

Hinihimok ang mga empleyado sa Bay Area na alamin sa kanilang opisina ng human resources upang malaman kung anong mga benepisyo sa nagbibiyaha ang kanilang magagamit sa pamamagitan ng kanilang employer. Inaatasan ng programang Mga Benepisyo sa Nagbibiyaha ang lahat ng employer sa Hurisdiksiyon ng Distrito ng Hangin na may 50 o mahigit pang regular na empleyado na mag-alok ng mga benepisyo sa nagbibiyaha sa kanilang mga manggagawa.

Sa panahon ng mga buwan ng tag-init, inilalabas ang Mga Alerto na Iligtas ang Hangin kapag tinatayang aabot ang ulap-usok, o pagpaparumi ng ozone sa hindi malusog na antas. Maaaring maging sanhi ang ozone ng pangangati ng lalamunan, pagsisikip at pananakit ng dibdib. Maaari nitong simulan ang hika, pamagain ang lining ng mga baga at palalain ang brongkitis at emphysema. Partikular na mapanganib ang pagpaparumi sa ozone para sa mga bata, matatanda at yaong may mga sakit sa baga at sa puso. Kapag itinawag ang Alerto na Iligtas ang Hangin, dapat na ilimita ang panlabas na ehersisyo sa mga unang oras sa umaga kapag mas mababa ang konsentrasyon ng ozone.

Alamin kung kailan may bisa ang Alerto na Iligtas ang Hangin:

- Sa pamamagitan ng mga alerto sa text sa pag-text ng salitang “START” sa 817-57.
- Sa pamamagitan ng pagkonekta sa Iligtas ang Hangin sa Facebook o Twitter.
- Sa website na www.sparetheair.org.
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa 1(800) HELP-AIR.
- Sa pamamagitan ng pag-sign up sa AirAlerts sa www.sparetheair.org.
- Sa pamamagitan ng pag-download ng Iligtas ang Hangin iPhone o Android App.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Iligtas ang Hangin, bumisita sa www.sparetheair.org.

#

*Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)*